# "Ang Anak Kong Malapit Nang Mamatay ay Binuhay ng Kapangyarihan ng Diyos"

**Diakono Dr. Brian S. Yeo** (Pangkalahatang Kalihim ng WCDN, Integrative Medicine Specialist)




WCDN (World Christian Doctors Network o Pandaigdigang Samahan ng mga Cristianong Doktor) Pinatunayan ng WCDN at ng medisina na ang Diyos ay buhay at ang Biblia ay totoo sa pamamagitan ng mga banal na pagpapagaling.

Simula noong 2004, bilang Pangkalahatang Kalihim ng WCDN, nagpapalabas na ako taon-taon ng mga banal na pagpapagaling dahil sa kapangyarihan ng Diyos sa iba't ibang bansa at mga Pandaigdigang Pagpupulong ng mga Cristiano tungkol sa Medisina. Noong nakaraang Hunyo, naging espesyal na sandali para sa akin ang pagpapalabas dahil tungkol ito sa kaso ng pagpapagaling sa sarili kong anak sa Ika-8 Pandaigdigang Pagpupulong ng mga Cristianong Doktor sa Australia.

Noong Oktubre 7, 2009, ang anak kong lalaki, si Haedong, ay tumatawid sa kalye. Bigla siyang nabundol ng taksing humaharurot at tumilapon siya ng may 20 metro sa ere. Natamaan ang kaliwang balakang niya at malala ang nangyari sa kanya. Nabagok ang kanang bahagi ng bungo niya nang bumagsak siya sa lupa.

Kinailangan siyang operahan kaagad dahil nabasag ang bungo at nagkaroon ng pagdudugo. Malaki kaagad ang nabawas sa 'platelet count' niya kahit sinalinan na siya ng dugo.

Sinabihan na ako ng doktor na ihanda ang sarili dahil malamang na mamatay ang anak ko. Kung mamamatay siya, pupunta siya sa langit dahil sumampalataya na siya sa Panginoon, at makakapagpasalamat ako sa Diyos. Nanalangin din ako ng pagpapasalamat dahil naisip ko, 'Sa Langit, makikita ni Haedong ang lolo niya na mahal na mahal niya.'

Nang sandaling iyon, dumating kaagad ang Pastor ng Malaking Simbahan ng Manmin Central Church na si Hyukhee Cho nang mabalitaan ang nangyari. Idinalangin niya ang anak ko gamit ang panyong pinanalanginan ni Rev. Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12).

At ang mahimalang pagkilos ay nagsimulang maganap. Tumigil sa pagbaba ang platelet count, at naligtas ang anak ko. Nagsisi ang mga miyembro ng pamilya ko dahil sa pag-aaway-away. Ako rin mismo ay nagsisi ng lubos dahil hindi ko tinutupad ang tungkulin ko bilang ama ng pamilya at hindi naging tapat sa tahanan ng Diyos. Tumanggap ako ng linggo-linggong pananalangin ni Dr. Lee gamit ang litrato ng anak ko. Sa bawat pagkakataong tinatanggap ko ito, bumibilis ang paggaling niya.

Nagising siya pagkatapos ng isang linggo, at inilipat siya ng kuwarto mula sa ICU nang sumunod na linggo. Nang magising siya, hindi gumagalaw ang isang mata niya. Nagkaroon siya ng meningitis at hirap siyang magbalanse. Masakit din ang kasukasuan niya. Gayunman, ang mga ito ay nagamot kaagad nang tanggapin ko ang panalangin ni Dr. Lee. Sa wakas, pinauwi na ang anak ko pagkatapos lang ng dalawang buwang pamamalagi sa ospital. Kadalasan, tatlong buwan ang itinatagal kapag malala o delikado ang lagay ng pasyente lalo na't sa ulo ang pinsala. Sa kaso ng anak ko, nabawasan ito ng isang buwan dahil sa pananalangin. Nawala din ang hindi magandang epekto ng sakuna dahil sa pananalangin ni Dr. Lee.

Noong Pebrero 17, 2010, muli siyang ibinalik sa ospital para sumailalim sa cranioplasty (pagsasaayos o pagbuong muli ng bungo). Noong naaksidente siya, nadumihan ang pira-pirasong buto dahil nabasag ito. Nag-aalala ang doktor na baka maging sanhi ito ng pamamaga pagkatapos ng operasyon. Subalit naniwala akong walang pamamaga dahil sinimulan ang operasyon pagkatapos ng panalangin ni Dr. Lee.

Ibinalik ng Diyos sa dati ang bungo niya nang walang pamamaga. Dati-rati, mahal ng anak ko ang mundo, subalit pagkatapos niyang maranasan ang pagpapala ng Diyos sa aksidenteng nangyari, mas minamahal na niya ang Diyos.

Ganito ang nangyari sa kaso ng anak ko: mayroong espirituwal na liwanag na pumasok sa napinsalang bahagi at nagkaroon ng espirituwal na ispasyo ng liwanag dito. Dahil sa prosesong ito, naging napakabilis ng kanyang paggaling. Nang ipinalabas ko ang kasong ito, nabagbag ang damdamin ng mga doktor na dumalo dahil sa kapangyarihan ng Diyos, at ang iba sa kanila ay napaiyak pa.

Nagbigay ng maiksing patotoo sa wikang Ingles si Haedong pagkatapos ng presentasyon ko. Binigyan siya ng masigabong palakpakan ng mga dumalo, sinasabi nilang isang nabubuhay na patunay na ang Diyos ay buhay. Mahal siya ng marami sa kanila at nagbigay ng luwalhati at pasasalamat sa Diyos.

Ang kaso ng paggaling niya ay ibinalita sa buong mundo sa pamamagitan ng mga pahayagan sa loob at labas ng Korea. Napuno ako ng emosyon nang ako at ang anak ko ay naging mga saksi sa katotohanang mayroong buhay na Diyos at Panginoon.

Ibinibigay ko ang lahat ng pasasalamat at luwalhati sa Diyos Ama at sa Panginoon na nagligtas sa amin. Nagpapasalamat din ako sa Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na nanalangin para sa amin na may kalakip na pag-ibig.





Larawan 1: Pagkatapos ng agarang operasyon, ang hematocrit (pagsukat ng porsiyento ng pulang dugo) at platelet count ng Kapatid na Haedong Yeo ay bumagsak kahit sinalinan na ng dugo, kaya naghingalo na siya.
Larawan 2: Ang kanyang ama, si Diakono Brian S. Yeo na tumatanggap ng panalangin ni Dr. Jaerock Lee.

Bribane, Australia

## "Iniligtas Ako ng Diyos!"



**Kapatid na Haedong Yeo**
(Ang Misyon para sa nasa ika-7 Baitang)

Kamangha-manghang buhay pa ako. Malapit na akong mamatay dahil malala ang pinsalang nangyari sa akin at matindi ang pagdudugo ko dahil sa aksidente sa trapiko. Subalit binuhay ako ng Panginoon.

Nang magkamalay ako, inisip ko ang naging buhay ko at ang mga kasalanan ko ay isa-isa kong naalala. Nagsimula akong magsisi nang husto habang umiiyak dahil sa masamang ugali ko, hindi nakikinig sa nanay ko, lumiliban ako sa klase, at natutulog sa Pagsamba ng Linggo ng Gabi.

Nagbago ang buhay Cristiano ko simula nang maospital ako. Nag-download ang kapatid kong babae ng mga sermon ni Dr. Lee at ng mga pagpupuri ng grupo ng pagtatangahal sa MP3 ko. May galak na pinakinggan ko ito at nakatanggap ako ng pagpapala. Lumago ang pananampalataya ko. Tumanggap ng mga panalangin ni Dr. Lee para sa akin ang mga magulang ko ng ilang beses. Pagkatapos ng bawat panalangin, bumuti ang kalagayan ko hanggang sa makaalis na ako sa ospital.

Dumalo pa ako sa Ika-8 Pandaigdigang Pagpupulong ng mga Cristianong Doktor sa Australia kasama ang tatay kong doktor. Ipinakilala ako ng tatay ko sa 220 mga doktor na nagmula pa sa 27 na mga bansa, pagkatapos ay nagpatotoo ako sa naging paggaling ko sa wikang Ingles. Nagdiwang silang lahat at binigyan nila ako ng masigabong palakpakan. Napakasaya ko.

Ibinibigay ko ang lahat ng pasasalamat sa Panginoon na nagpala sa akin ng husto. Gusto kong mas lalong tularan ang Panginoon at ihatid ang pag-ibig ng Diyos na nagpagaling sa akin. At umaasa akong marating ang Bagong Jerusalem, ang pinakamagandang tahanan sa Langit, kasama ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee.

### Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)
"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

Balitang Manmin
NO. 43 AGOSTO 7, 2011

# Ang Pintuan ng mga Biyaya ay Nabuksan nang Husto sa Pagsapit ng Panahon ng Santuwaryo ng Canaan

## Ginanap ang Seminar ng mga Lider ng Cell Group para sa 2011 sa tema na "Ang Sukat ng Pananampalataya"







Ang Seminar ng mga Lider ng Cell Group para sa 2011 noong Hulyo 4 – 6 ay idinaos sa Daemyung Resort sa Gangwon. Ang mga hindi nagkasiya sa pinakamalaking bulwagan ay pinaupo sa anim na maliliit na bulwagan. Inaasahan na makakatulong ang seminar na ito sa mga miyembro para maging espirituwal na mga mandirigma na mangunguna sa Panahon ng Santuwaryo ng Canaan. (Larawan 1: Tagapagsalita, Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, Larawan 2: Hallelujah Praise Team, Power Worship Team, at Heavenly Dance Team, Larawan 3: 2011 Seminar para sa mga Lider ng Cell Group)

Noong Hulyo 4 – 6 ay ginanap ang seminar ng mga lider ng Cell Group para sa 2011 sa Vivaldi Park, Daemyoung Resort sa Hongcheon, Gangwon sa ilalim ng pamamahala ng Misyong Pangkalalakihan at Misyong Pangkababaihan.

Ang pangunahing tagapagsalita, si Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ay naghatid ng mensaheng mula sa Mga Taga-Roma 12:3 na pinamagatang 'Ang Sukat ng Pananampalataya' noong Hulyo 4 at 5. Napuno ng mga dumalo ang anim na maliliit na bulwagan pati na ang pinakamalaking bulwagan. Ramdam namin ang pananabik ng mga miyembro sa seminar dahil sa 5,000 na mga dumalo hindi lang mula sa Seoul, Daejon, Masan, Busan, Gwangju, at Jeju, may nagmula din sa Japan, China, at India.

Maaaring sabihin na tayo ay nakatayo sa "bato ng pananampalataya" kung kikilos tayo ng ayon sa mga talatang nakasulat sa 1 Mga Taga-Tesalonica 5:16-18. Sinasabi dito, "Magalak kayong lagi. Manalangin kayong walang patid. Sa lahat ng bagay ay magpasalamat kayo, sapagkat ito ang kalooban ng Diyos kay Cristo Jesus para sa inyo." Magiging taong espirituwal tayo kung iwawaksi natin ang lahat ng uri ng kasamaan bilang mga tunay na mga anak ng Diyos. Higit pa riyan, dapat tayong lumakad nang lubos sa katotohanan para mapuspos ng espiritu na nakakapagbigay lugod sa Diyos.

Detalyadong ipinaliwanag ni Dr. Lee ang mga dahilan kung bakit mayroong mga nakatayo na sa bato ng pananampalataya, subalit hindi pa nararating ang antas ng pagiging espirituwal. Isinagawa ang seminar upang tulungan ang mga miyembro ng Manmin na maabot ang antas ng pagiging espirituwal at kapuspusan ng espiritu at matupad ang kalooban ng Diyos sa iglesya.

Sa unang araw, siyam na pamantayan ang iniharap na tutulong para masuri kung tayo ay nakatayo sa bato ng pananampalataya o hindi. Ito ay: mainitin ang ulo; masama ang loob; galit; pagseselos o paninibugho; at inggit; sinungaling at madayang puso; panghuhusga; pabago-bagong isip; pag-iisip ng pangangalunya; kasakiman; motibong makasarili; pag-iimbot; at pagtataksil. Nadama ng mga miyembro ng Manmin ang kahalagahan ng paglilinis ng kanilang mga puso. Pinagsisihan din nila na hindi pa sila nakatayo sa bato ng pananampalataya kahit matatagal na silang Cristiano. Muli silang nagpasiya na iwaksi ang mga kasamaan sa puso nila.

Noong sumunod na araw, tinalakay naman niya ang tungkol sa mga nakatayo na sa bato ng pananampalataya subalit hindi pa nagkakaroon ng pusong espirituwal. At inihayag niya kung paanong ang taong espirituwal ay nagiging taong puspos ng espiritu. Hinimok niya silang tumungo kaagad sa kapuspusan ng espiritu sa taimtim na pananalangin.

Sa hapon nang unang araw, pinangunahan ni Gng. Boknim Lee, pangulo ng Manmin Prayer Center ang Pulong Panalangin na Fullness of the Holy Spirit kung saan ginunita ng mga dumalo ang buhay-Cristiano nila at nagsisi. Sa pangalawang araw, tinalakay naman ni Pastora Heejin Lee kung paano maaabot ang antas ng pananampalataya na nais ng Diyos para sa bawat isa sa atin.

Ang seminar ay idinaos dahil sa pag-ibig ng Diyos na nagnanais gabayan ang mga miyembro sa antas ng pagiging espirituwal. Ayon kay Dr. Lee maraming miyembro ang naghahangad na maging taong espirituwal at sinabi niyang marami sa kanila ang makakaabot sa antas ng kapuspusan ng espiritu sa ginanap na seminar.

# Kapangyarihan

"Lahat ng mga bagay ay aking magagawa sa pamamagitan Niyang nagpapalakas sa akin." (Filipos 4:13)

Walang maisasakatuparang tungkulin sa kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng pisikal na kapangyarihan. Sa pagsasakatuparan ng kaharian ng Diyos, kailangan nating itaboy taglay ang espirituwal na awtoridad, ang mga kaaway na diyablo at si Satanas.

Hindi tayo magwawagi sa espirituwal na digmaan na gamit lang ang pisikal na kaalaman o makalaman na pag-ibig. Dapat tayong mag-asam ng kapangyarihan upang gabayan ang mga kaluluwa na nasa ating pangangalaga patungo sa liwanag na may kasamang pag-ibig at marubdob na pagsinta. Hindi natin magagawa ito sa pamamagitan ng sarili nating lakas, kaya kailangan nating tumanggap ng kapangyarihan ng Diyos. Ano ang kailangan nating gawin upang maging mahuhusay na manggagawa na kapaki-pakinabang sa Diyos?



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

### Una sa lahat, palakasin mo ang sarili sa Salita.

Ang pagpapalakas ng sarili sa Salita ay isa sa pinakapangunahing pangangailangan para maging manggagawa sa kaharian ng Diyos. Hangga't hindi ka babad sa Salita sa pisikal at espirituwal na diwa, mahihirapan kang magbigay ng payo o pangaral. Maaaring may gusto kang sabihin, subalit hindi mo mailahad sa salita, o hindi ka makapag-isip ng tamang halimbawa.

Kung pangangalagaan mo ang puso mo sa katotohanan, maaari mong ibahagi sa iba ang pagpapala ng Diyos kahit hindi ka makapagbigay ng maayos na sermon o hindi ka mahusay na tagapagsalita. Tuturuan ka ng Banal na Espiritu kung ano ang sasabihin sa bawat sandali (Mateo 10:20). Kung tungkulin mo ang magturo, hindi mo dapat sabihin, "Pangangalagaan ko na lang ang puso ko para maging espirituwal." Kailangan mo ng isang maayos na pundasyon ng kaalaman sa Salita. Sa ganitong paraan, mas madali mong matatanggap ang pagkilos ng Banal na Espiritu.

Gayon man, mas mahalagang punto ang pangangalaga ng puso mo sa Salita. Ang liwanag lang ang makakapagtaboy sa kadiliman. Ang liwanag ng ilaw ang magpapasiya kung gaanong dilim ang itataboy. Kahit gaano ka pa kahusay sa pagpapayo, hindi nito mababago ang mga kaluluwa. Kung gaano mo napagbago ang puso mo sa katotohanan ganoon mo rin magagabayan ang mga kaluluwa na nasa pangangalaga mo para maunawaan ang katotohanan at baguhin ang kanilang mga puso.

Ang dahilan kung bakit hindi ka pa nagiging espirituwal kahit napakaraming sermon na ang narinig mo ay hindi ka nagsikap sa bawat sandali at hindi mo ito inasam. Tumanggap ka ng pagpapala sa mensahe, subalit hindi mo ito iningatan para ito ay magtagal. Nananalangin kang maiwaksi ang mga kasalanang nakita mo sa sarili mo, subalit agad mo itong nakakalimutan. Kaya kahit matagal na panahon na, hindi ka pa rin nagbabago nang lubusan. Ngayon, umaasa akong magpapasiya ka ulit. Suriin mo ang puso mo at manatili sa Salita araw-araw.

### Pangalawa, kailangan mong punuan ang kakulangan mo sa katawan.

Nagkakaroon ng kakulangan sa pisikal o espirituwal na katawan dahil hindi mo pinagdaanan ang mga dapat pagdaanan habang lumalaki. Ang mga kakulangang ito ay lumalabas sa iba't ibang paraan.

May mga taong malala ang kawalan ng lakas ng loob o determinasyon para pangalagaan ang kanilang puso. Maaaring kulang sila sa espirituwal na pagkilala sa kaibahan ng mabuti at masama. O kaya naman ay mayroon silang pagkukulang sa pandamdam na nagiging balakid para makiramay o umunawa sa mga emosyon ng ibang tao. Maaaring mayroon silang anyo, pananamit, ugali, o pananalitang nakakasuya sa iba. Siyempre, may pagkakaiba-iba ang bawat tao, subalit kung ang paglago ay napakahina pa rin, maaari nating ipalagay na kakulangan ito sa katawan.

Hindi natin maaaring sabihin na ang lahat ng kakulangan sa katawan ay kasalanan, subalit sa mata ng iba hindi ito kanais-nais. At ang mga kakulangang ito ay maaring maging malaking hadlang sa pagwawaksi ng mga kasalanan. Kung mayroon kang isa sa mga kakulangang ito, kilalanin mo at baguhin ito. Umaasa akong pipinuhin o babaguhin mo ang ekspresyon ng mukha mo, ang ugali, pananalita, at iba pang maliliit na bagay sa paraan ng Panginoon.

Magkagayon man, maaaring hindi mo madaling makikita at iwawaksi ang mga bagay na ito sa sarili mo. Baka ni hindi mo nalalaman na mayroon kang mga kakulangan. Kahit batid mo ang mga ito, ang mga kakulangang ito ay mahirap punuan dahil nabuo at nahubog ito mula pa sa pagkabata mo. Subalit, habang pinapalakas mo ang sarili sa Salita at taimtim na nananalangin, makikita mo ang mga pagkukulang na parang nananalamin ka. Matutupad mo rin ito sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu at sa karunungan ng Diyos kung taimtim kang mananalangin na may maalab na puso.

### Pangatlo, dapat mayroon kang perpektong pag-ibig.

Kasabay ng pagpapalakas ng sarili mo sa pamamagitan ng Salita at pagpupuno ng mga kakulangan, mapapangalagaan mo rin ang espirituwal na puso mo. At kasabay ng pangangalaga mo dito, mapupuspos ang puso mo ng espirituwal na pag-ibig. Dahil sa pag-ibig na ito, makapangyarihan mong matutupad ang katungkulan mo.

Ang mga taong may pag-ibig na makalaman ay hindi nakakaunawa ng mga paninindigan ng ibang tao. Gusto nilang ibigay sa iba ang sa tingin nila ay mabuti. At dahil dito, umaasa silang may mangyayari, at minamadali nila ang pagbabago. Subalit kung hindi sila makakakita ng pagbabago tulad ng inaasahan, panghihinaan sila ng loob at susuko pagkatapos sumubok ng ilang beses.

Gayon pa man, kung mayroon kang espirituwal na pag-ibig sa kanila, hindi ka panghihinaan ng loob o mawawalan ng pag-asa dahil lang hindi nangyayari ang inaasahan mong pagbabago. Kahit masama ang ginagawa nila, hindi mo huhusgahan o hahatulan ang ugali nila. Subukan mong unawain ang puso nila at kung bakit kumikilos sila ng ganito. Pagkatapos, maaari mong pagsikapang punuin ang mga pangangailangan nila. Kahit na napakahirap para sa kanilang magbago mula sa dati mong pagkakilala sa kanila, manalig kang magbabago sila at ipagpatuloy mo ang pagtulong sa kanila hanggang magbago sila.

Kahit napakalaki ng pag-ibig na makalaman na ibinibigay mo sa isang tao, walang saysay ito. Kinakailangan ang espirituwal na pag-ibig na makakapagtanim ng pananampalataya at buhay sa kanya. Hindi mo magagawang baguhin ang kahit na sino sa pag-ibig na makalaman kahit nagbibigay ka sa kanila ng pinansiyal na tulong o binibigyang pansin ang mga kuwento nila.

Kung nagbibigay ka ng pag-ibig na makalaman sa kanila, maaaring magbunga sila sa simula, subalit paglipas ng panahon, mawawala na ang bunga. Sa mga estudyante, ang pag-ibig na makalaman ay laman din ang itatanim at magiging sanhi ng nalilitong damdamin at emosyon. Kaya, umaasa akong pangangalagaan mong magkaroon ng ganap na espirituwal na pag-ibig sa puso mo. Inuudyukan kitang baguhin ang mga kaluluwa at magtanim ng pananalig batay sa pag-ibig na ito.

Maikling Balita

## Pista ng Pag-aani sa Linggong Pagsamba at Banal na Komunyon

Noong Hulyo 3, idinaos ng Manmin Central Church ang Pista ng Pag-aani sa Linggong Pagsamba. Katulad ng Pasko ng Pagkabuhay, Linggo ng Pagpapasalamat, at Pasko, ito ay isa sa pinakamalalaking pista para sa mga Cristiano. Ipinagdiwang din sa pinakamalaki at sa iba pang santuwaryo ang Banal na Komunyon.

Sa Pagsamba sa Linggo ng Umaga, inihatid ni Dr. Jaerock Lee ang mensaheng may titulong 'Iniingatan Tayo ng Diyos' batay sa Deuteronomio 32:10. Sa Pagsamba sa Linggo ng Gabi, inihatid naman ang mensaheng mula sa Juan 6:55 na pinamagatang 'Pagpapasalamat.'

Nagbigay ng natatanging pasasalamat sa Diyos ang mga miyembro ng Manmin Central Church sa palaging pag-iingat sa puso at kaluluwa namin laban sa mundo ng kadiliman at sa lahat ng uri ng karamdaman at sakuna sa nakalipas na anim na buwan ng 2011. Pagkatapos, isinapuso namin sa Banal na Komunyon ang pag-ibig ng Panginoon sa pagkain ng tinapay, ang katawan ng Panginoon, at pag-inom ng katas ng ubas, ang dugo Niya.

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

| Manila Manmin Holiness Church | Bataan Manmin Holiness Church | Isabela Manmin Holiness Church | Cavite Manmin Holiness Church | Imus Manmin Holiness Church | Cebu Manmin Holiness Church | Davao Manmin Holiness Church |
| --- | --- | --- | --- | --- | --- | --- |
| 441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>2-735-1423 | 067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>0910-262-5465 | Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>0905-649-1120 | 5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines<br>Pastor Sharon Cho<br>046-850-3193 /<br>0916-674-3903 /<br>0905-319-8191 | Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines<br>Pastor Jubeom Kim<br>0927-311-7633 | LOT N. 402 - B-4<br>Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines<br>Pastor Rossetta Sung<br>0921-635-7595 | 301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines<br>Pastor Kathryn Kim<br>0908-635-2714 |



# "Parang Panaginip Lang Dahil Maaari na Akong Mabuhay ng Walang Salamin"

**Diakono Jeonghwan Lee** (Chuncheon Manmin Church)

Tagasaliksik (researcher) ako sa Environment Design and Plan Evaluation Research Center (Sentro ng Pagsasaliksik sa Padidisenyo ng Kapaligiran at Pagsusuri ng Plano). Karaniwang nakaharap ako sa monitor ng computer buong araw kaya napakalabo na ng mga mata ko. Malabo rin ang paningin ng asawa kong si Diakonesa Youngook Lee na nagtuturo sa kolehiyo.



Noong Abril, nabalitaan kong pangungunahan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang tatlong Espesyal na Pagtitipon ng Banal na Pagpapagaling na gaganapin sa Hunyo. Ipinasuri naming mag-asawa ang mga mata namin sa ospital para malaman ang eksaktong grado. Napakalabo ng paningin ko, ni hindi ko mabasa ang pinakamalaking letra sa eye chart. Ang grado naman ng asawa ko ay 0.1/0.1.

Puno kami ng pag-asam at pag-asa na magagamot kami sa pagtitipon. Nagsisikap kami na ipamuhay ang Salita ng Diyos araw-araw. Ipinakita namin sa Diyos ang pananabik ng puso namin sa pananalangin at pag-aayuno.

Dahil sa pananalangin ni Dr. Lee, ang kapatid kong lalaki at ang asawa niya (Elder Gwangyu Lee, katuwang na propesor sa Gangwon University, Diakonesa Suhee Lim) ay tumanggap din ng biyaya ng pagbubuntis matapos magtiis sa pagiging baog sa loob ng 13 taon. Nagkaroon ako ng pananalig na gumaling dahil sa nakita kong mga mahimalang pagkilos.

Noong Hunyo 10 nang idaos ang unang sesyon ng Espesyal na Pagtitipon na may Banal na Pagpapagaling, nagmamadali akong nagtungo sa Manmin Sentral nga Simbahan mula sa Seoul pagkatapos ng trabaho ko, at ang asawa ko naman ay mula sa Daegu.

Sa ikalawang bahagi ng pagsamba, nanalangin si Dr. Lee sa altar para sa mga may sakit. Nang sandaling iyon, naramdaman naming mag-asawa na uminit ang mga mata namin. Natiyak kong napagaling ako. Tinanggal ko ang salamin ko.

Sinabi ng asawa ko, "Wow! Napakamakulay ng mga bagay!" Napakasaya niya. Malinaw ko na ring nakikita si Dr. Lee sa altar. Kamangha-mangha ito!

Pumila ako para tanggapin ang personal na pananalangin niya. Nabalitaan kong mahigit sa 4,000 taong may sakit ang nagpahayag para maipanalangin. Sa unang gabi, naidalangin ang 1,095 katao na may malabong paningin. Ako at ang asawa ko ay pang-295 at 296. Pagkatapos ng panalangin, paulit-ulit kong isinuot at tinanggal ang salamin ko. Malinaw kong nakita ang mga bagay, parang may bagong salamin ako.

Pumunta kami sa altar para luwalhatiin ang Diyos sa pamamagitan ng patotoo namin, subalit napakaraming taong napagaling kaya hindi kami makasingit. Napakalinaw na ng paningin ko, nakakapagmaneho na ako papuntang Chuncheon na hindi suot ang salamin, pagkatapos ng pagtitipon. Hallelujah!

Noong Hunyo 17, dumalo kami sa ikalawang sesyon ng pagtitipon sa GCN sa Chuncheon Manmin Church. Pagkatapos nito, natulog na ako. Paggising ko, nasorpresa na naman ako. Dati, inaaninag ko lang ang relo, ngayon ay malinaw ko nang nakikita ang oras. Napagaling din ang panunuyo ng mga mata ko. Nawala na rin ang matinding pananakit ng ulo ng asawa ko dahil sa astigmatism. Hindi na rin siya nagsasalamin ngayon.

Ibinibigay namin sa Diyos Ama at sa Panginoon na nagligtas sa amin ang lahat ng pasasalamat at luwalhati.



# "Gumaling Kaagad ang Scoliosis Ko"

**Sister Maria Kim** (3 Misyon sa Kolehiyo)

Miyembro ako ng Rainbow Praise Team ng Komite ng Pagtatanghal ng Manmin Central Church.

Simula noong Enero, ang grupo namin ay nagsimula nang mag-aral kumanta. Ang unang leksiyon ay ang paghinga para mas lumakas ang kapasidad ng baga. Kasabay ito ng kaunting pisikal na pag-eehersisyo.

Noong nakaraang Marso, mas nahirapan ako kaysa dati. Kapag ibinababa ko ang balikat ko sa tagiliran at iuunat ang dibdib, napakasakit ng gulugod ko. Pakiramdam ko baluktot ito at palala nang palala ang sakit.

"Sister Maria, tumayo ka ng tuwid"

"Ha? Tuwid na ang tayo ko"

Pagkatapos kong marinig ito, tiningnan ko ang sarili sa salamin. Mas mababa ang isang balikat ko. Madalas na masakit na masakit ang likod ko kapag nagbubuhat ako ng mabigat. Naisip kong may kinalaman ito sa sintomas.

Sa resulta ng X-ray ko, ang gulugod ko ay nakabaluktot ng 15 degrees, sa normal na tao ay 4 degrees lang. Ibig sabihin nito ay mayroon akong scoliosis. Pagkatapos ng mahabang pag-iisip, nagpa-orthotherapy ako (kasama dito ang pagmamasahe, pagbabanat ng mga buto at kasukasuan, pangangalaga sa postura at iba pa). Noong Mayo 31, nakita sa pagsusuri na hindi ito nakatulong.

Nabalitaan kong magkakaroon ng Espesyal na Pagtitipon na may Banal na Pagpapagaling sa Hunyo. Masayang-masaya ako! Umasa ako sa Diyos, at nag-ayuno sa umaga at nanalangin sa Pulong Panalangin ng Daniel at Espesyal na mga Pulong Panalangin. Pinagsisihan ko ang pagpapabaya ko sa pananalangin na ginawa ko pang dahilan ang pag-aaral at trabaho. Nag-alay ako ng mga panalangin ng pagsisisi dahil nabagabag ako sa mga payo at pagpapaalaala ng iba.

Noong Hunyo 17, tinanggap ko ang apoy ng Banal na Espiritu nang manalangin sa altar si Dr. Lee para sa mga may sakit. Nag-init ang katawan ko at napuno ako ng kasiyahan. Pagkatapos ng panalangin, umawit si Dr. Lee at ang kongregasyon ng 'Jesus.' Nagpupuri ako na nakasapatos na may mataas at matulis na takong, subalit hindi na sumakit ang likod ko. Natiyak ko na pinagaling na ako.

Ipinasuri kong muli ang likod ko. Nagulat ang doktor habang ipinagkukumpara ang mga resulta bago manalangin sa resulta pagkatapos ng pananalangin. "Ang gulugod mo ay nakabaluktot ng 15 degrees dati, subalit ngayon ito ay normal na." Nagpapasalamat ako sa Diyos Ama na Siyang nagpagaling sa akin. Hallelujah!



▲ Bago ipanalangin (Mayo 31, 2011)



▲ Pagkatapos ipanalangin (Hunyo 24, 2011)

**Terminong Medikal**

Ang scoliosis ay ang pagbaluktot ng mahigit sa 10 degrees ng gulugod nang walang dahilan. Mas maraming kababaihan ang apektado nito kaysa sa kalalakihan. Nangyayari ito sa gulang na 13 - 19.